# Napagtanto na ni Siku



Isinulat nina:

Kim Nicole C. Sampang
Wrayeth Obrey G. Supan
Wendy S. Ocampo
Camille M. San Agustin

Iginuhit nina:

Jean Rose M. Pagtalunan
Ronald C. Dare

Inilapat ni:

Ralph Anthony G. Timbol





Competencies:

- Nakapaglalarawan ng mga tao, hayop, bagay, at lugar sa pamayanan.  F3WG-IIIc-d-4
- Napahahalagahan ang pagkilala sa kayang gawin ng mag-aaral na sumusukat sa katatagan ng kanyang loob tulad ng: pagtanggap sa puna ng ibang tao sa mga hindi magandang gawa, kilos, at gawi at pagbabago ayon sa nararapat na resulta.  ESP3PKP-Id-17



DEVELOPMENT TEAM

Kwento nina: Kim Nicole C. Sampang
Wrayeth Obrey G. Supan
Wendy S. Ocampo
Camille M. San Agustin

Guhit nina: Jean Rose M. Pagtalunan
Ronald C. Dare

Lapat ni: Ralph Anthony G. Timbol

Learning Resource Managers:

Ruel F. Bondoc
Alternative Learning System/Indigenous People Education, EPS-I

Ruby M. Jimenez, PhD
Learning Resources Management and Development Section, EPS-I

Division of Pampanga

# Napagtanto na ni Siku





May isang pamayanan sa malayong kabundukan, simple ngunit masaya ang pamumuhay ng mga mamamayan. Ang mga kababaihan ay abala sa mga gawaing-bahay, ang mga kalalakihan naman ay abala sa paghahanapbuhay, at ang mga bata ay malaya at maligayang nakapaglalaro.







Isa sa mga nakatira rito ay ang pamilya ni Siku, na siyang panganay sa limang magkakapatid. Maganda ang pakikitungo ng bawat kasapi ng kanilang pamilya sa isa't isa. Si Siku, bilang panganay ay palaging sumasama sa kanyang ama at tumutulong sa pagtatanim ng mga halamang gulay na kanilang pangunahing hanapbuhay.






Sa kagustuhan ni Siku na makatulong sa mga magulang ay nalimutan niyang bilang isang bata ay karapatan din niyang pumasok sa paaralan at mag-aral. Sa tuwing sasama si Siku upang magtanim ay sinasabihan siya ng kaniyang ama na manatili na lang sa bahay upang makapasok siya sa paaralan at matuto. Ngunit nagpupumilit pa rin ito na samahan ang kaniyang ama sa pagtatanim.






Maagang gumising ang mga magulang ni Siku kinabukasan dahil araw na ng anihan. Kinausap ng kaniyang ina si Siku, “anak, ako na  ang tutulong sa tatay mo, pumasok ka na sa paaralan.” Habang umaani ang mag-asawa, dumating si Siku. “Anak, bakit  nandito ka?” wika ni nanay. “Bukas na lang po ako papasok ‘nay, tutulungan ko muna po kayo ni tatay sa pag-aani,” tugon ni Siku.






Kinabukasan, pumasok na si Siku sa paaralan. Nagdala siya ng inani nilang gulay para sa kanyang guro. “Bakit ngayon ka lang pumasok Siku?” tanong ng kaniyang guro. “Pasensya na po Ma’am, tumutulong po kasi ako sa pagtatanim at pag-aani ng aming mga pananim,” sagot ni Siku. Ipinaliwanag ng kaniyang guro na kahit mahalaga ang sila’y makapaghanap-buhay, mahalaga rin siya ay makapag-aral upang hindi malamangan ng iba.





Pag-uwi ni Siku, wala pa ang kaniyang mga magulang dahil nagbenta sila ng mga inaning gulay. Maya-maya lamang ay may dumating na lalaki sa kanilang bahay. “Ano po iyon?” tanong ni Siku. “Bibili sana ako ng ampalaya, mukha kasing sariwa at bagong pitas ang mga ito. Magkano ba ang isang kilo?” sabi ng lalaki. Biglang pinagpawisan si Siku at kinabahan dahil hindi niya alam ang isasagot sa lalaki.






Sa takot na magkamali ay sinabihan ni Siku ang lalaki na hindi niya alam ang presyo ng tinda nilang gulay at kung maaari ay bumalik na lamang ito kapag nandiyan na ang kaniyang mga magulang. Sumagot naman ang lalaki, “Kung gusto mo ay iwan ko na muna itong pera kong limang daang piso kapalit nitong isang bitbit na ampalaya.” Pumayag si Siku dahil nag-iwan naman ito ng pera bago umalis.







Bumalik ang lalaki at sinabing, "Iho, itong tatlong tig-iisang daang piso na lamang pala ang ibabayad ko. Mas marami ito kumpara sa isang pirasong limang daang piso na iniwan ko kanina." Napaisip si Siku ngunit tinanggap din nito ang tatlong daang piso at ibinalik ang limang daang piso sa lalaki. Naniwala ito na mas malaki ang halaga ng  tatlong pirasong tig-iisang daang piso kaysa isang limang daang piso.



Pagdating ng mga magulang ni Siku ay ikinuwento niya ang naging pag-uusap nila ng lalaki. “Ano ba ‘yan Siku? Bakit mo naman pinaniwalaan na mas malaki ang halaga ng tatlong daan sa limang daan?” galit na wika ng kaniyang ina. Nahihiyang sumagot si Siku, “hindi po kasi ako marunong magkwenta nanay.” Sinabihan ng ina si Siku na kailangan niyang pumasok sa paaralan upang matuto.







Napagtanto ni Siku na tama ang kaniyang ina at guro. Kung hindi siya mag-aaral ay palagi na lamang siyang maloloko at malalamangan ng ibang tao. Nagdesisyon siyang mas pahalagahan ang pag-aaral. Nagsumikap siya sa pag-aaral at nang matapos ang taon naging isa pa siya sa mga pinakamagaling sa kanilang klase.  Napakasaya ng mga magulang ni Siku sa natamong tagumpay ng kanilang anak.





## TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT, AT TAGALAPAT

| | |
|---|---|
| Kim Nicole C. Sampang: | Kasalukuyang nagtuturo sa Camachile Elementary School, Floridablanca, Pampanga bilang Teacher I |
| Wrayeth Obrey G. Supan: | Kasalukuyang nagtuturo sa Camachile Elementary School, Floridablanca, Pampanga bilang Teacher I |
| Wendy S. Ocampo: | Kasalukuyang nagtuturo sa Mawacat Elementary School, Floridablanca, Pampanga bilang Teacher I |
| Camille M. San Agustin: | Kasalukuyang nagtuturo sa Mawacat Elementary School, Floridablanca, Pampanga bilang Teacher I |
| Jean Rose M. Pagtalunan: | Kasalukuyang nagtuturo sa Camias Resettlement Elementary School, Porac, Pampanga bilang Teacher I |
| Ronald C. Dare: | Kasalukuyang nagtuturo sa ALS Apalit District, Apalit, Pampanga bilang Mobile Teacher III |
| Ralph Anthony G. Timbol: | Kasalukuyang nagtuturo sa ALS Magalang District, Magalang, Pampanga bilang Mobile Teacher I |



Kasama ng kaniyang pamilya, si Siku ay nakatira sa isang payapang pamayanan kung saan ang mga mamamamayan ay abala sa kanilang simpleng pamumuhay. Ang mga kalalakihan ay nagtatanim, ang mga kababaihan ay nag-aasikaso sa bahay at ang mga bata ay malayang naglalaro. Ang pamilya ni Siku ay nabubuhay sa pagtatanim ng mga ampalaya. Sa kagustuhang tumulong, naisip ni Siku na sumama na lamang sa kaniyang ama sa kanilang taniman at huwag na munang pumasok sa paaralan.

Hanggang isang araw, sa kakulangan ng kaalaman, naranasan ni Siku na malamangan ng kaniyang kapwa. Ano kaya ang gagawin ni Siku? Ipagpapatuloy pa rin kaya niya ang pagtulong sa ama o magbabalik-loob na siya sa pag-aaral?